Isang Beses na

$500

NA CANADA HOUSING BENEFIT

Impormasyon Para sa Mga Bagong Dating

Ang isang beses na top-up sa Canada Housing Benefit ay naglalayong tumulong sa mga umuupa na mas mababa ang kita na nahihirapan sa halaga ng upa.

Sino ang makakaaplay

Kung bago ka sa Canada, maaaring kwalipikado ka sa isang beses na bayad na $500 kung maaabot mo ang sumusunod na batayan:

- Ikaw (at ang iyong asawa o kinakasama, kung naaangkop) ay nag-file ng 2021 income tax return O nagbigay ng iyong kita sa mundo sa 2021.
- Mayroon kang adjusted na net na kita na $20,000 o mas mababa (mga indibidwal) o $35,000 o mas mababa (mga pamilya).

  Ang (CRA) AFNI estimator ng Canada Revenue Agency ay available sa kanilang website.

- Ikaw ay hindi bababa sa 15 taong gulang sa Disyembre 1, 2022.
- Isa kang residente ng Canada para sa mga layunin ng buwis sa 2022.
- Ang iyong pangunahing tirahan ay nasa Canada noong Disyembre 1, 2022.
- Binayaran mo ang iyong upa sa sarili mong pangunahing tirahan sa Canada sa taong 2022.
- Binayaran mo ang hindi bababa sa 30% ng iyong 2021 AFNI sa upa ng sarili mong pangunahing tirahan sa Canada sa 2022.

Status ng paninirahan

Bilang bahagi ng batayan para maging kuwalipakado para sa benepisyong ito, dapat naging residente ka ng Canada para sa mga layunin ng buwis sa kita sa 2022.

Magiging **residente ka ng Canada para sa mga layunin ng buwis sa kita** kapag papasok ka ng Canada na may intensiyong manirahan at bumuo ng mahalagang **residensyal na ugnayan** ia Canada. Karaniwan mong magagawa ang ugnayang ito sa petsa ng pagdating mo sa Canada.

Ikaw ay **naging** residente ng Canada sa 2022 para sa mga layunin ng buwis sa kita kung totoo ang sumusunod na batayan:

- Intensiyon mong manirahan at mamuhay dito.
- Nagkaroon ka ng pangunahing residensyal na kaugnayan sa Canada – kabilang ang asawa, mga anak at pangunahing tirahan.
- Nagkaroon ka ng segundaryong ugnayan sa Canada – kabilang ang bank account, lisensya sa pagmamaneho, utility service at iba pa.
- Hindi ka naituring na residente ng ibang bansa na nasa ilalim ng tax treaty na mayroon ang Canada sa bansang iyon.

Para alamin ang higit pa, bumisita sa
canada.ca/one-time-housing-benefit

Canada

CMHC SCHL

Ikaw ay **hindi** isang residente ng Canada sa 2022 para sa mga layunin ng buwis sa kita kung totoo ang **alinman** sa sumusunod:

- Tumira ka sa ibang bansa sa paraang normal, nakasanayan, o palagian sa panahon ng 2022 at **hindi** naituring na residente ng Canada.
- Ikaw ay **hindi** nagkaroon ng mahalagang residensyal na ugnayan sa Canada at sa nalalapat ang **alinman** sa sumusunod:
  - Tumira ka sa labas ng Canada sa buong 2022.
  - Namalagi ka sa Canada nang mas mababa sa 183 araw noong 2022.

Ang impormasyon mula sa CRA tungkol sa pagiging bagong dating ay matatagpuan sa **Mga benepisyo, credit, at buwis para sa mga bagong dating**. Kung hindi ka pa rin sigurado, bisitahin ang website ng CRA para **matukoy ang status ng paninirahan mo**.

Kita sa mundo

Ang pagbibigay ng iyong kita sa mundo ay itinuturing na pagbabalik ng kita ayon sa *Income Tax Act* at isang tinatanggap na paraan ng paggawa ng iyong AFNI para sa mga layunin ng benepisyong ito.

Kung naging residente ka ng Canada noong 2021 o 2022 at hindi mo pa naisusumite ang iyong kita sa mundo, dapat mo itong gawin bago mag-aplay para sa benepisyong ito. Narito kung paano:

- Kung may mga anak ka na mababa sa 18 taong gulang noong 2021, maaari kang **mag-aplay para sa Canada Child Benefit (CCB)** at ibigay ang iyong kita sa mundo gamit ang RC66SCH bilang bahagi ng iyong aplikasyon.
- Kung **wala** kang mga anak na mababa sa 18 taong gulang noong 2021, maaari kang **mag-aplay para sa GST/HST Credit and Climate Action Incentive Payment** (RC151) at ibigay ang iyong kita sa mundo bilang bahagi ng iyong aplikasyon.
- Kung nakaaplay ka na para sa CCB o sa GST/HST credit at ang kita sa mundo sa 2021 na lang ang kulang, maaari mong tawagan ang serbisyo ng CRA para sa mga tanong tungkol sa benepisyo sa **1-800-387-1193** para ibigay ang iyong kita sa mundo.

Paano mag-aplay

Dahil sa natatanging sitwasyon na maaari kang mapunta, maaari mong tawagan ang CRA sa 1-800-282-8079, at isang agent ang tutulong sa iyo na matukoy kung kwalipikado ka para sa isang beses na top-up sa Canada Housing Benefit at kumumpleto ng aplikasyon.

Maaari ka ring mag-aplay sa **CRA My Account** o sa pamamagitan ng paggamit ng iyong **My Service Canada Account**. Para makuha nang mas mabilis ang bayad mo, mag-register para sa direct deposit sa CRA My Account.

Isang **online web form** ang available kung hindi ka makapag-sign in o makapag-register sa isang CRA My Account.

Epekto sa iba pang mga benepisyo

Kung tumatanggap ka ng ibang mga benepisyo sa iyong tinitirhang probinsya o munisipalidad, maaaring kwalipikado ka.

Ang isang beses na top-up sa Canada Housing Benefit **ay walang** epekto sa ibang mga benepisyo sa pederal, tulad ng Canada Workers Benefit, Canada Child Benefit, Goods and Services Tax Credit, at sa Guaranteed Income Supplement.

Itong bagong pederal na isang beses na bayad ay gumagana nang hiwalay mula sa buwanang Canada Housing Benefit na magkasamang pinondohan at ibinibigay ng mga probinsya at teritoryo.

Magsasara ang mga aplikasyon sa Biyernes, Marso 31, 2023.

70102 20230118-001A (Tagalog)

Para alamin ang higit pa, bumisita sa
canada.ca/one-time-housing-benefit